## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

A. TAMA o MALI. Basahin at suriin mabuti ang sumusunod na pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang TAMA kung ito ay tama at MALI kung ito ay mali.

1. Ang pagbebenta ng tingian ay tumutukoy sa paraan ng pagbebenta ng inani ng kilo-kilo o mas maliit pa.
2. Bumababa ang halaga ng isang produkto kapag ito ay binebenta ng pakyawan.
3. Ang tubo ay tumutukoy sa iyong kabuuang kita matapos mong ibenta ang iyong mga pananim.
4. Dapat nating isipin ang lalagyan ng ating aanihin para maging matagumpay ang pag-aani ng ating mga pananim.
5. Hindi na natin dapat isipin kung saan ilalagay ang ating aanihin bago natin ito ibenta.
6. Mahalaga na tayo ay gumawa ng plano o *layout* ng ating lugar na pagtataniman.
7. Ang piko ay mas epektibo sa pagpapatatag ng ating lupang taniman.
8. Maaring magamit ang dumi na hayop bilang organikong pataba.
9. Ang *National Law-RA 10068* ay tumutukoy sa pagpapalaganap ng mga hakbang upang isulong ang organikong pagsasaka o pagtatanim sa Pilipinas.
10. Ang *Department of Trade and Industry* (DTI) ay isang ahensya ng pamahalaan na naatasang manguna at magpatupad ng mga programa para sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mamamayan ng Pilipinas.

B. Tukuyin ang mga salita o ideya na inilalarawan ng sumusunod na pangungusap. Piliin ang sagot sa loob ng kahon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

A. *Department of Labor and Employment*
B. Jose Mercado
C. Edith Dacuycuy
D. *Intercropping*
E. *Contour farming*
F. *Food and Agriculture Organization*
G. *Department of Agriculture*
H. *Department of Science and Technology*



LIVEWORKSHEETS

1. Ahensyang naglalayong matigil ang kagutumang nararanasan at paunlarin ang wastong nutrisyon at seguridad sa pagkain.
2. Ahensya ng pamahalaan ng Pilipinas na naatasan na magpatupad ng mga patakaran, regulasyon, at programa para sa mga manggagawang Pilipino.
3. Ahensya ng pamahalaan na naatasang palakasin ang lebel ng agham at teknolohiya sa Pilipinas.
4. Pamamaraan ng pagtatanim na kung saan itinatanim ang dalawa o higit pang uri ng halaman sa isang taniman at panahon.
5. Tao na nagmamay-ari ng kompanyang *Merlo Agricultural Corporation*.

C. Basahin at unawain ang sumusunod na tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa sagutang papel.

1. Alin sa sumusunod ang tumutukoy sa pagpapatubo at pag-aalaga ng halaman sa mga lungsod o bayan?
   A. *Aeroponics*
   B. *Hydroponics*
   C. *Dish gardening*
   D. *Urban gardening*
2. Ano ang tawag sa pagsasaka o pagtatanim ng halaman sa isang lugar na hindi gumagamit ng lupa?
   A. *Aeroponics*
   B. *Hydroponics*
   C. *Dish gardening*
   D. *Vertical farming*
3. Alin sa sumusunod ang katangian ang HINDI tinataglay ng isang indibidwal na maaaring maging matagumpay sa paghahalaman?
   A. masigasig
   B. masipag
   C. matiyaga
   D. mayaman



LIVEWORKSHEETS

4. Sino ang nagtatag ng *La Fuerta Inc.*?
   A. Paris Uy
   B. Jose Mercado
   C. Senen Bacani
   D. Edith Dacuycuy
5. Ano ang vermicomposting?
   A. paraan ng pag-aani
   B. pangangalaga sa prutas at gulay
   C. paraan sa pagtutunaw ng basura
   D. paggamit ng uod para sa paggawa ng pataba



LIVEWORKSHEETS